# Alamin ang mga katotohanan tungkol sa parating na eleksyon.

## Ang bawat nakarehistrong botante sa County ng San Diego ay makakatanggap ng isang balota sa koreo para sa Ika-3 ng Nobyembre na Pampanguluhang Pangkalahatang Eleksyon.

Ang pagboto sa pamamagitan ng koreo ay hindi isang bagong kababalaghan para sa County ng San Diego. Mahigit sa 75% ng mga nakarehistrong botante ang naka-sign up na upang permanenteng matanggap ang kanilang balota sa pamamagitan ng koreo kaya ang Tagapagrehistro ng mga Botante ng County ng San Diego ay nasa maayos na kalagayan upang pangasiwaan ang natitirang 25% na hindi pa bumoboto sa pamamagitan ng koreo.

Sa ganitong kalaking porsyento na mas nais bumoto sa pamamagitan ng koreo sa mga nakaraang taon, ang Tagapagrehistro ay pinahusay ang mga proseso nito at dinagdagan ang kapasidad para sa mas malaking bahagi ng dalawang dekada at higit pang handa upang pangasiwaan ang pagproseso ng mga balotang pangkoreo nang tiyak at secure.

### Ang Tagapagrehistro…

…ay nangontrata ng vendor na mahahawakan ang pinataas na kapasidad sa pagpapadala sa koreo.

…ay mayroong isang matagal at matibay na samahan sa lokal na opisina ng United States Postal Service upang matiyak ang napapanahong pagpapadala at pagbabalik ng mga bolotang pangkoreo.

…ay namuhunan sa loob ng maraming taon upang pangasiwaan ang backend na pagproseso ng mga balotang pangkoreo (mga machine na mataas ang kapasidad ng pag-uuri ng mga koreo, digital adjudication, at high-speed scanner)

…ay higit pang nagdagdag ng mga automated extraction machine

…ay papalawakin sa labas ang gusali nito upang matugunan ang mga pangangailangan sa pagpapatakbo dahil sa mga social distancing requirement.

…ay papalawakin ang paggamit ng Remote Accessible Vote by Mail System na opsyon para sa lahat ng mga botante (AB860)

…ay sisimulan ang pagproseso ng mga balotang pangkoreo simula 29 na araw bago ang araw ng eleksyon (AB860)

…ay tatanggapin ang mga balotang pangkoreo na naka-postmark sa araw ng eleksyon hanggang sa 17 araw pagkatapos ng araw ng eleksyon (SB423)

### MAYROONG MGA BANTAYAN PARA SA PAGBOTO SA KOREO.

Ang pagbantay ng integridad ng bawat eleksyon at bawat wastong balota ay pinakamahalaga sa misyon ng Tagapagrehistro ng mga Botante. Maraming pansin ang ibinigay tungkol sa seguridad ng paghulog ng balota sa koreo para sa parating na pampanguluhang eleksyon at ang Tagapagrehistro ng mga Botante ng County ng San Diego ay nais ipaalam sa inyo ang lahat ng mga hakbang na ginagawa namin upang matiyak ang proteksyon at integridad ng bawat balota na ihuhulog sa koreo, kabilang ang pagpapatupad ng kinakailangang mga bantayan, seguridad, chain-of-custody, at mga quality assurance na pamamaraan.

SDVOTE

★★★★★ BUMOTO NANG MAS LIGTAS 2020 ★★★★★

## PAGPAPANATILI NG LISTAHAN NG REHISTRASYON NG BOTANTE. KABILANG DITO ANG MGA:

1. Pag-update ng listahan ng rehistrasyon ng botante kada araw, kada linggo, at kada buwan upang matiyak na ang tamang adres ng tirahan at adres pangkoreo ng botante ang nasa file.
2. Pagtanggal ng mga botante mula sa voter rolls tuwing ang opisina ng Tagapagrehistro ay nakatanggap ng:
   - Impormasyon ng iyong mga namatay mula sa Bureau of Vital Records/Statistics
   - Impormasyon mula sa Superior Court o Federal Court na may isang taong mayroong kumbiksyon at nakulong para sa peloni.
   - Notipikasyon mula sa ibang ahensya ng eleksyon na ang isang botante ay nagparehistro sa kanilang county.
3. Pagpadala ng mga mailer upang malaman kung ang tao ay lumipat na. Ang mga botante ay malalagay sa inactive na status kapag ang ipinadalang koreo para sa eleksyon ay ibinalik mula sa United States Postal Service. Ang mga botante na ito ay hindi makakatanggap ng balotang pangkoreo hanggang hindi sila nakikipagugnayan sa opisina ng Tagapagrehistro upang kumpirmahin ang status ng kanilang tirahan

Click dito upang dagdagan ang kaalaman tungkol sa pagpapanatili ng mga listahan ng rehistrasyon ng botante.

**Beripikasyon ng Pirma:** Ang pangunahing paraan na ginagamit upang tuklasin at iwasan ang fraud ay sa mismong sobre ng balotang pangkoreo. Kapag natanggap na ng opisina ng Tagapagrehistro ang balotang pangkoreo, ang pirma sa labas ng sobreng pagbabalik ay sinusuri katabi ng pirma na naka-file sa rekord ng rehistrasyon ng botante.

**Tina-track ang mga Balotang Pangkoreo:** Ang aming sistema ng pangangasiwa ng eleksyon ay tina-track ang mga balotang pangkoreo na ini-isyu sa mga botante. Bilang resulta, ito ay may kakayahan upang maiwasan ang pagbilang ng mga multiple na balota na na-isyu sa botante. Sa katunayan, kung kailangan namin magpadala ng kapalit na balota sa isang botante, ang orihinal na na-isyu namin ay awtomatikong masususpinde.

**Pakikipagtulungan sa USPS:** Ang opisina ng Tagapagrehistro ay nagtatrabaho nang maigi kasama ang United States Postal Service upang matiyak na prayoridad ang mga balotang pangkoreo sa mga termino ng pagpadala sa mga botante at kapag ibinalik sa aming opisina.

**Mga USPS collection box at staffed drop-off na lokasyon:** Bilang karagdagan sa pinagkakatiwalaan na serbisyo na binibigay ng United States Postal Service, ang Tagapagrehistro ay maglalagay ng mga mail ballot drop-off location sa buong county. Ang mga lokasyong ito ay staffed ng mga manggagawa sa eleksyon, nagdadagdag ng isang patong pa ng seguridad at kalinawan sa proseso ng pag-drop-off ng balota. Ang staff sa mga lokasyong ito ay sisiguraduhing pinirmahan and pinetsahan ng botante ang kanilang sobreng pagbabalik.

**Electronic Poll Books (ePoll Books):** Kung ang botante ay nakatanggap ng isang balotang pangkoreo pero mas pinipiling bumoto nang in-person sa isang lugar ng botohan, ang manggagawa sa eleksyon ay maaaring hanapin ang botante sa ePoll Book upang isuspinde ang kanilang balotang pangkoreo at mag-isyu muli ng isang papel na balota upang botohan nila.

Panghuli, Ang County ng San Diego ay hindi nakaranas ng anumang systemic o widespread na pandaraya sa botante, lalo na tungkol sa pagboto sa pamamagitan ng koreo.

**Ang paggawa ng pandaraya sa botante ay isang pederal na krimen. Anumang alegasyon ng pandaraya sa botante ay isasangguni sa District Attorney Office ng County at sa Fraud Investigation Unit ng Secretary of State na nagiimbestiga at naguusig.**

## MGA PARAAN PARA MAPROTEKTAHAN NINYO ANG INYONG BOTO.

PIRMAHAN, I-SEAL, IBALIK ang inyong balota sa isang pinagkakatiwalaang source at I-TRACK ang inyong balotang pangkoreo. Maaari ninyong i-track ang bawat hakbang ng inyong balota sa pamamagitan ng pag-sign up para sa "Nasaan Ang Aking Balota?".

Dagdagan ang kaalaman tungkol sa pagboto sa parating na eleksyon sa sdvote.com.